

# Pagbubuo ng isang kultura ng mga karapatang pantao : Taunang ulat 2020/21 at plano sa serbisyo 2021/22–2023/24 - EHEKUTIBONG BUOD

Noong 2020/21, ang BC's Office of the Human Rights Commissioner (BCOHR) ay nagtuo sa pagbubuo ng aming organisasyon - sa laki, istruktura at saklaw. Nakatuon kami sa paglikha ng makahulugang epekto sa aming mga istratihikong pangunahin na lugar habang patuloy na itinatag ang aming mga patakaran, mga kasanayan at kultura bilang isang bago, makabago at dinamikang organisasyon ng mga karapatang pantao sa B.C.

## Highlight ng mga estratihikong prayoridad

Ang aming [Strategic Plan 2020 / 21-2024 / 25](#) ay nagbabalangkang ng limang priyoridad na programa: diskriminasyon sa ilalim ng *Human Rights Code* ng B.C., dekolonisasyon, poot at pagtaas ng kataas-taasang kapangyarihan ng mga puti, kahirapan bilang isang sanhi at bunga ng kawalang-katarungan at hindi pagkakapantay-pantay at mga proteksyon ng karapatang pantao para sa mga ikinulong ng estado. Ang mga sumusunod ay mga highlight mula sa mga pagkukusa na aming isinagawa noong 2020/21 bilang suporta sa mga priyoridad na ito:

- Ang isang pangunahing batayan para sa BCOHR ay ang muling pagsasaayos ng mga batas, mga patakaran at kasanayan nalumilikha at nagpapanatili ng **diskriminasyon**. Halimbawa, noong 2020/21 nakipagtulungan kami sa Hukuman ng mga Karapatang Pantao at mga klinika para sa mga karapatang pantao sa buong lalawigan upang bumuo ng isang "No Wrong Door" na diskarte upang mapabuti ang access sa mga sistema ng mga karapatang pantao ([tingnan ang pahina 44](#)). Pinamamahalaan din namin ang 83 Espesyal na Programa, kung saan magbibigay-daan sa duty bearers na unahin ang nakaugaliang marginalized na group sa pagtatrabaho, pangungupahan at iba pang mga lugar na protektado ng *Code* ([tingnan ang pahina 65](#)).
- Ang isa pang pangunahing priyoridad ay ang **dekolonisasyon**: pagsuporta sa mga karapatan ng mga Katutubong tao, ang pagpapasya sa sarili ng mga Nation at pagtatrabaho upang mabuwag ang mga istruktura ng kolonyalismo. Ang aming gawain sa 2020/21 ay nakatuon sa pagpapalawig ng aksesibilidad at kaugnayan ng sistema ng mga karapatang pantao para sa mga Katutubong tao ([tingnan ang pahina 45](#)), nakasuporta sa pagpapatupad at pagsubaybay sa *Declaration on the Rights of Indigenous Peoples Act (DRIPA)* at pagtaas ng kamalayan sa mga karanasan ng mga

Katutubo sa diskriminasyon at ang mga karapatan ng mga Katutubong tao sa pangkalahatan ([tingnan ang pahina 21](#)).

- Nakatuon din ang aming Opisina na bawasan ang pagkakaroon ng **poot** sa ating lipunan. Kami ay nakatuon sa pagpapabuti ng pananaliksik at mga datos tungkol sa sanhi ng mga pagpapamalas ng poot; pagbabawas ng maling impormasyon na dumadagdag sa stereotyping, takot at karahasan; at pagpapabuti ng bisa ng mga ligal na tugon sa poot . Halimbawa, Noong 2020/21, naglunsad kami ng isang panlalalwigang kampanya laban sa kapootang pantao sa 77 mga komunidad sa B.C. ([karagdagan sa ibaba](#)).
- Ang **Kahirapan** ay isang pangunahing isyu ng karapatang pantao sa BC, at nagsusumikap kami tungo sa mabisa at makabuluhang lokal na proteksyon ng mga karapatang pang-ekonomiya at pag-aalis ng diskriminasyon laban sa mga taong nabubuhay sa kahirapan ([tingnan ang pahina 25](#)). Noong 2020/21 naglabas ang BCOHRC ng isang resulta ng pananaliksik na may mga rekomendasyon upang idagdag ang "panlipunan na kondisyon" sa *Human Rights Code* ng B.C. bilang isang protektadong katangian ([tingnan ang pahina 64](#)).
- Lahat tayo ay may karapatan na maging malaya mula sa hindi makatuwirang **detensyon**, pang-aabuso ng kapangyarihan at iba pang hindi patas na pagtatrato kung legal ang pagkadetensyon. Noong 2020/21, nakatuon ang BCOHRC sa pagbabawas ng labis na sapilitang detensyon dahil sa pangkaisipang kalusugan at pagbabawas ng diskriminasyon sa mga kasanayan ng pulisya ([tingnan ang pahina 27](#)). Gumawa rin kami ng mga rekomendasyon para sa pagprotekta sa mga karapatang pantao ng mga nakabilanggo sa panahon ng pandemya ng COVID-19 ([tingnan ang pahina 70](#)).

## Mga highlight ng aming epekto sa 2020/21

Ang pagsubaybay, pagsusuri at patuloy na pagpapabuti ay nakapaloob sa bawat yugto ng aming pag-unlad habang itinatayo, pinapalaki, pinapanatili, pinaghuusay at binabago ang aming organisasyon at gawain ([para sa karagdagdagan hinggil sa aming plano sa pagsusuri, tingnan ang pahina 82](#)). Ngayong 2021/22 itinatag namin ang aming balangkas sa pagsusuri at isang hanay ng mga draft na tagapagpahiwatig para masukat ang aming pag-unlad sa bawat taon. Ang aming mga aktibidad ng pagsusuri ay maglalarawan ng lawak ng aming tagumpay sa pagkakaroon ng magalang na ugnayan at pananagutan sa lahat ng mga stakeholder, ang pagsasama-sama ng mga naa-access ng publiko na pang-edukasyon at panggabay na mapagkukunan at forum, pagpapangibabaw ng mga pangunahing isyu sa mga pantao upang ipaalam sa mga rekomendasyon na aming ibinibigay sa pamahalaan ng B.C. at iba pang may tungkulin, pagbubuo ng mga ligal na argumento upang maimpluwensyahan ang batas sa kaso at, sa panloob, pagbubuo ng mga patakaran, mga kasanayan at kulturang pang-organisasyon batay sa karapatang pantao. Ang aming taunang ulat ay nakabalangkas sa paligid ng mga pangunahing bahaging ito ng pagsusuri.

## Pagpapanatili ng mga magalang na ugnayan at pagpapakita ng pananagutan

Ang pagbubuo ng ugnayan ay ang pundasyon ng lahat ng mga gawain sa mga karapatang pantao. Noong 2020/21, ang BCOHRC ay nakipag-ugnayan sa publiko sa pamamagitan ng



isang serye ng walong **panrehiyon na pakikipag-ugnayan** ([tingnan ang pahina 38](#)), nakikipag-ugnayan nang husto sa mga **Katutubong** pamahalaan at mga pinuno ng pamayanan ([tingnan ang pahina 42](#)), nagbigay ng **impormasyon at mga referral** sa higit sa 2,600 katao na nakikipag-ugnay sa amin ([tingnan ang pahina 35](#)) at nagtayo ng isang naa-access na **website** na may iba't-ibang lengguwahe at nakaka-engganyong presensya sa social media ([tingnan ang pahina 46](#)). Nagsagawa rin kami ng **botohan sa buong lalawigan** upang matiyak na ang aming mga prayoridad ay nakahanay sa mga pangangailangan at mga interes ng mga British Columbian ([tingnan ang pahina na 33](#)).

## Pagbubuo ng mga mapagkukunan na pang-edukasyon at pamatnubay at mga forum

Sa konteksto ng nakakabahalang pagtaas ng mga naiulat na krimen dahil sa poot ([tingnan ang pahina 23](#)) sa loob ng mga nakaraang taon at pinalakas ng pandemya, inilunsad ng BCOHRC ang una nitong kampanya ng pampublikong edukasyon sa 2020/21. Ang **kampanyang "Am I racist?"** ay humiling na suriin ng mga British Columbian ang kanilang mga panloob na pagkiling sa pamamagitan ng dalawang hanay ng mga katanungan na inilagay sa mga malalaking billboard at mga ad sa bus sa 24 na komunidad at sa pamamagitan ng isang interactive na karanasan sa web na nagtatampok ng mga timeline, aktibidad at mapagkukunan ([tingnan ang pahina 51](#)). Nakita rin sa 2020/21 ang paglulunsad ng aming maikling animated na video ng **Human Rights 101** at mga samang mapagkukunan sa pag-aaral tungkol sa mga proteksyon ng mga karapatang pantao sa B.C., na idinisenyo upang gawing simple ang mga konsepto ng mga karapatang pantao para sa publiko ([tingnan ang pahina 54](#)).

**Pagbibigay ng mga rekomendasyon upang mapabuti ang mga sistematikong isyu sa mga karapatang pantao** Sa 2020/21, sa pagkilala na may ilang mga grupo na mas tinamaan ng COVID-19 na pandemya kaysa sa iba, ang aming Opisina ay sumali sa isang pambansang pananawagan para sa isang pinagsama-samang estratehiya ng pampublikong sektor para sa pangongolekta ng mga datos base sa lahi at iba pang **pinaghiwa-hiwalay na demograpiko** upang mabunyang ang hindi pagkakapantay-pantay sa pangangalagang pangkalusugan ([tingnan ang pahina 69](#)). Kinalaunan ay naglabas kami ng isang ulat (na sinusundan ng isang webinar at karagdang mapagkukunan) na may mga rekomendasyon para sa mas malawak na koleksyon ng pinaghiwa-hiwalay datos sa B.C., na nagtaguyod sa paggamit ng **"the grandmother perspective"** upang maiwasan ang pinsala sa mahihirap na komunidad ([tingnan ang pahina 57](#)).

### *Umuusbong na isyu: COVID-19 na pandemya*

Ang isang pangunahing punto ng magkabahaging koneksyon noong 2020/21 ay ang COVID-19 na pandemya, na binago ang ating lipunan at nagpalitaw ng mga pangunahing isyu sa mga karapatang pantao. Itong pandaigdigang emerhensya ay may mga epekto sa bawat isa sa aming mga istratihikong lugar na pinahalalagan, na nagdadala ng agarang pangangailangan para sa pangangasiwa ng mga karapatang pantao sa ating lalawigan tungo sa matinding kaluwagan. Bilang tugon sa pandemya, naglabas ang BCOHRC ng **malawakang patakaran sa pagpatnubay** sa mga employer, mga kasero, mga tagapagbigay ng serbisyo at mga indibidwal tungkol sa kung paano matitiyak na ang mga karapatang pantao ay protektado kaugnay sa kagyat na prayoridad ng pampublikong kalusugan ([tingnan ang pahina 68](#)).

Ang isa pang paraan na aming tinutugunan ang mga sistematikong isyu ng mga karapatang



pantao ay sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pagtatanong, na nagpapahintulot sa amin na mag-ulat tungkol sa at/o magbigay ng mga rekomendasyon sa pamahalaan ng B.C. at iba pang mga may hawak ng tungkulin. Sa loob ng panahon ng 2020/21, sinimulandin namin ang mga **paghahanda para sa aming unang pagtatanong sa publiko**, Poot sa Pandemya, kasama ang pananaliksik sa posibilidad, pag-set up ng mga gabay at mga tuntunin ng sanggunian, at pagbubuo ng isang website ng pagtatanong ([tingnan ang pahina 66](#)).

**Pagbuo ng mga legal na argumento upang impluwensiyahan ang batas sa kaso**  
Layunin ng BCOHRC na mapabuti ang mga batas at mga sistema ng mga karapatang pantao sa B.C. Isang paraan ay gamitin ang kapangyarihan ng Opisina upang mamagitan sa mga kaso sa korte na maaaring makaapekto sa mga proteksyon sa mga karapatang pantao sa B.C. Noong 2020/21 ang aming Opisina ay naghain ng aming **unang pamamagitan** sa isang kaso sa Korte Supremo ng B.C., na may kasamang ligal na pagsubok para sa diskriminasyon batay sa katayuan ng pamilya ([tingnan ang pahina 73](#)).

### **Pagbubuo ng mga patakaran, mga kasanayan at kultura batay sa mga karapatang pantao**

Ang prayoridad na estratehiyang pang-operasyon ng BCOHRC ay ang lumikha ng isang matatag at napapanatiling samahan na may kakayahang makabuo ng progresibong epekto sa mga karapatang pantao sa B.C. Noong 2020/21 ginamit namin ang **isang diskarte na batay sa karapatan** sa pagbubuo ng aming mga kasanayan sa pagsusuri at pag-uulat ([tingnan ang pahina 75](#)); naglapat ng isang patas at naa-access na diskarte sa pangangalap upang bumuo ng isang dinamika, magkakaiba at **mapagpabilang na koponan** ([tingnan ang pahina 75](#)); nagtatag ng operasyonal na mga sistema **at mga proseso** alinsunod sa aming mga layunin at gumagabay na prinsipyo ([tingnan ang pahina 77](#)) at nagpatupad ng isang natatanging **biswal na pagkakakilanlan** na maaaring makilala at nagpapatibay sa Komisyoner bilang isang **mapagkakatiwalaan na boses na** nagsusulong ng mga karapatang pantao sa B.C. ([tingnan ang pahina 75](#)).

### **Pagtanaw sa hinaharap: 2021/22–2023/24 plano sa serbisyo**

Ang aming plano sa serbisyo (2021/22-2023/24) ay dumadaloy mula sa mga nabanggit na prayoridad na estratehiya at mga ihahatid ng plano ng pagsusuri. Binabalangkas nito ang mga layunin, pangunahing tagapagpahiwatig ng pagganap at halimbawa ng mga gawain na aming nakikitang gagawin sa susunod na tatlong taon upang matupad ang atas ng Opisina at maitatag ng basehan sa pagtatakda ng mga layunin sa hinaharap.

Kabilang sa ilan sa aming gawain sa panahon ng plano sa serbisyo ay ang paglulunsad ng aming **Hate in the Pandemic Inquiry** (tulad ng ginawa namin noong Agosto 2021), paglalabas ng pangalawang video mula sa aming serye sa pagpapalaganap ng pakikiramay **I Love My Human Rights**, pagho-host ng mga pang-edukasyon na workshop sa *Human Rights Code* at pagbuo ng mga materyales na gagabay para sa mga bumubuo ng mga patakaran ukol sa **patunay ng pagbabakuna** sa kasalukuyang yugto ng pandemya. Kasama sa aming gawain sa hinaharap ang **pangalawang pangunahing kampanya sa pakikipag-ugnayan sa publiko**, patuloy na gawain sa pagpupulisya ng mga **karapatang pantao** (kasama ang pagsusumite sa Espesyal na Komite sa Repormasyon ng Batas ng Pulisya) at marami pang iba ([tingnan ang pahina 81](#)). Habang ginagawa namin ang gawaing ito at iba pa, isasaalang-alang din **namin ang estado ng mga karapatang pantao** at ang sistema ng mga karapatang pantao sa B.C. ([tingnan ang pahina 82](#)).



## Badyet at mga gastos 2020/21

Noong 2020/21 gumastos ang BCOHRC ng \$4.7 milyon mula sa aming \$5.5 milyon na badyet sa pagpapatakbo at ginastos ang aming buong \$1.2 milyon na badyet sa kapital ([tingnan ang pahina 94](#)). Sa hinaharap, sa panahon na sakop ng aming plano sa serbisyo, kami ay naaprubahan ng \$6.8 milyon na badyet sa pagpapatakbo para sa 2021/22, \$6.7 milyon sa 2022/23 at \$6.7 milyon sa 2023/24, at kapital na badyet na \$35 libo bawat taon.

\*\*

Para sa karagdagan pa tungkol sa kung paano namin itinayo ang aming organisasyon at nakagawa ng epekto sa 2020/21-at sa kung ano ang aming pinaplano sa mga susunod na taon habang pinapalaki, pinagpapabuti at pinapanatili ang aming Opisina-mangyaring tingnan ang aming buong taunang ulat, Pagbuo ng isang kultura ng mga karapatang pantao, sa [bchumanrights.ca/annualreport2020](https://bchumanrights.ca/annualreport2020)

